

For more information, please call/text us at: **0920-911-1398** or visit:  
[www.philrice.gov.ph](http://www.philrice.gov.ph) | [www.pinoyrkb.com](http://www.pinoyrkb.com) | [www.openacademy.ph](http://www.openacademy.ph)

## Bacterial Blight (BB)

### Mga pinsala sa halamang palay

1. pagka-lanta at pagka-tuyo ng punla
2. paninilaw at pagka-tuyo ng mga dahon
3. pagbaba ng ani

### Mga senyales at sintomas ng sakit

#### 1. Pagkakaroon ng sakit na 'leaf blight'

- Mayroong tila basa at kulay dilaw na markang pahaba sa mga dahon na maaaring magsimula sa mga dulo nito, na kalaunan ay humahaba at lumalapad, na may alon-alon ang gilid.
- Ang pag-litaw ng mga namumuong mga tila-gatas o malabong patak ng hamog sa mga bagong hiwa o sugat ng dahon sa umaga.
- Sa pagkalat ng sakit, ang mga sugat o hiwa sa mga bahagi ng may sakit na halaman ay dumidilaw hanggang sa mamuti.
- Natutuyo agad ang mga dahong na-apektuhan ng husto ng sakit.
- Kinalaunan, ang mga sugat o hiwa sa mga bahagi ng may sakit na halaman ay nagku-kulay abuhin dahil sa pagtubo ng sari-saring amag na bumubulok sa anumang bagay.
- Mao-obsorbahan mga isa hanggang tatlong linggo pagkatanim ng palay.
- Unang palatandaan ay ang pagkakaroon ng berde at mamasa-masang suson sa pinutol na bahagi o sa dulong bahagi ng dahon ng palay.
- Ang mga dahon ay nalalanta at lumulukot, at nagku-kulay abuhing-berde hanggang sa maging kulay dilaw.
- Ang buong halamang palay ay nalalanta at lubusang natutuyo.



## 2. Pagkakaroon ng paninilaw ng dahon sa malalaki ng halamang palay

- Ang mga murang dahon ay pantay ang pagka-dilaw o may malapad na dilaw na guhit.
- Ang mga magulang na dahon ay hindi na nagpapakita ng anumang sintomas.

3. Sa pinakamatinding pinsala, ang mga uhay ay hindi naglalaman ang butil, bagamat hindi nabansot ang halaman.

### **Mga kondisyong pumapabor sa paglaganap ng sakit**

1. Maraming damo sa palayan
2. Maraming mga naiwan na pinag-gapasan sa palayan na dating dinapuan ng sakit
3. May bakterya ng sakit sa tubig ng palayan o kanal ng irigasyon
4. Mainit na temperatura sa paligid, mataas na halumigmig sa hangin, mga pag-ulan, at malalim na pagpapatubig sa palayan
5. Sobra-sobrang pag-aabono
6. Hindi magandang pagbubunot at pagdadala ng punla sa pagtatanim

#### **Source:**

International Rice Research Institute. (2003). Bacterial Leaf Blight. Retrieved October 2007, from <http://www.knowledgebank.irri.org/>

